


Mathematics

Ikalawang Markahan – Modyul 10: Routine and Non-routine Problems Involving Multiplication of Whole Numbers including Money



Mathematics– Ikalawang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan-Modiyul 10: Routine and Non-routine Problems Involving Multiplication of Whole Numbers including Money Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modiyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-arang iyon. Ang anomang gamit maliban sa modiyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modiyul

Manunulat:	Christine Joyce S. Marcos
Patnugot:	Emmanuel Victor F. Celis, Ferdinand B. dela Rosa, Helen G. Laus
Tagasuri:	Lily Beth B. Mallari, Nestor P. Nuesca
Tagaguhit:	Mark Jasper L. De Chavez
Tagalapat:	Rachel S. Dela Cruz, Sharon Rose S. Boguen
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Robert E. Osongco, Lily Beth B. Mallari, Rebecca K. Sotto

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Mathematics

Ikalawang Markahan – Modyul 10:
Routine and Non-routine Problems
Involving Multiplication of Whole
Numbers including Money

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Atin namang pag-aralan ang iba't ibang hakbang ng pagsagot ng tama sa mga *word problems* gamit ang multiplication.

Sa katapusan ng araling ito, ikaw ay inaasahan na:

1. solves routine and non-routine problems involving multiplication of whole numbers including money using appropriate problem solving strategies and tools. (M2NS-IIi-45.1)



Subukin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Si Raphael ay gumuhit ng 5 bilog na may 6 na bituin bawat isa. Ilang bituin lahat ang iginuhit ni Raphael?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.

3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.

Aralin 1

Routine and Non-Routine Problems Involving Multiplication of Whole Numbers Including Money




Balikan

Ang mga sumusunod ay mga bagay na nilalaman ng mga relief goods. Lagyan ng ☺ (masayang mukha) ang kahon ng tamang ilustrasyon sa mga sumusunod na multiplication equation. ☹ (malungkot na mukha) kung hindi. Gawin ang mga ito sa iyong sagutang papel.



a. $5 \times 4 = 20$





b. $2 \times 3 = 6$




c. $3 \times 4 = 12$



d. $8 \times 4 = 24$




e. $1 \times 5 = 5$





Tuklasin

Mahalaga na basahin at intindihin muna ang word problem upang masagutan natin ito ng tama. Ating pag-aralan ang sumusunod na word problem.



Si Mikoy ay mayroong 5 maliliit na kahon. Nilagyan niya ng 9 na holen ang bawat kahon. Ilan lahat ang holen ni Mikoy?

Ginagamit natin ang mga sumusunod na hakbang o **steps** upang masagutan ng tama ang word problem na nabanggit.

Step 1: Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

Kailangang maikwento at maisulat mo sa iyong sariling salita ang sitwasyon sa word problem. At ayon dito,

May 5 na kahon na may 9 na holen bawat isa.

Step 2: Isulat ang tanong sa word problem.

Sa hakbang na ito, kailangan nating malaman kung ano ang pinapasagot sa word problem. Mahalagang malaman ito dahil dito iikot ang magiging sagot natin.

Madalas ito ay makikita sa huling bahagi ng word problem. Ang tanong na,


Ilan lahat ang holen ni Mikoy?

ay ang ating sasagutin sa kabuuan ng word problem na ito.

Step 3: Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.

Sa hulling hakbang o step na ito, maaari na nating sagutin ang tanong sa pamamagitan ng tamang solusyon at sagot.

Maaari tayong gumamit ng array at repeated addition. Dahil may 9 na holen sa bawat 5 kahon, maaari nating gamiting solusyon ang sumusunod na ilustrasyon.



Gamit ang repeated addition, ang tamang multiplication equation ay $5 \times 9 = 45$.

Ibig sabihin, ang ating sagot sa word problem ay,


Si Mikoy ay may 45 holen.



Suriin

Panuto: Ayusin ang mga ginulong pantig (*syllables*) upang mabuo ang mga sumusunod na pahayag tungkol sa pagsagot sa mga word problems gamit ang multiplication. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- 1-2 Mahalaga na _____ (hin-sa-ba) at _____ (di-tin-in-hin) muna ang word problem upang masagutan ito ng tama.
3. Una, kailangang maikwento mo sa iyong sariling _____ (li-sa-ta) ang sitwasyon sa word problem.
4. Pangalawa, kailangan nating malaman kung ano ang _____ (nong-ta) sa word problem.
5. Paghuli, maari nang sagutin ang word problem sa pamamagitan ng tamang _____ (lus-so-yon) at sagot.



Pagyamanin

- A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Si Mikay ay gumuhit ng 4 na parisukat na may 6 na tatsulok bawat isa. Ilang tatsulok lahat ang iginuhit ni Mikay?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.

3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.

B. Panuto: Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Nagtitinda ng itlog na maalat si Aling Soledad. Nagkakahalaga ng Php10 ang bawat itlog na maalat. Nakabenta siya ng 8 piraso. Magkano ang kinita ni Aling Soledad?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.

3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.

C. Panuto: Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Nagbabalot ng panregalo si Eunice para sa darating na Araw ng mga Guro. Bawat kahon ay may 8 *keychains*. Siya ay may 5 kahon. Ilang keychains ang ibinalot ni Eunice?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.

3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.

D. Panuto: Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Inutusan ni Nanay Mich na bumili sa tindahan si Claire ng mga sumusunod: 7 bareta ng sabon na may halagang Php5 bawat isa. Magkano lahat ang pinamili ni Claire?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.

3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.

E. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Bumili ng 4 na pitaka si Naomi sa *mall*.
Bawat isa ay nilagyan niya ng Php 7.
Magkano lahat ang pera ni Naomi?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.

3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.

F. Panuto: Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Nagtitinda ng lumang dyaryo si Tenten. Nagkakahalaga ng Php 5 ang bawat kilo ng dyaryo. Nakabenta siya ng 8 kilo ng dyaryo. Magkano ang kinita ni Tenten?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.

3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.

G. Panuto: Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Binigyan si Mark ng 9 na supot na may tig-dalawang kendi ng kanyang tatay. Ilang kendi lahat mayroon si Mark?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.

3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.

H. Panuto: Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Nais regaluhan ni Maryx ang kanyang nanay ng tatlong bagong panyo. Ang bawat panyo ay may halagang Php 10. Magkano ang babayaran ni Maryx sa kahera?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.

3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.



Isaisip

Panuto: Punan ang mga patlang base sa iyong napag-aralan tungkol sa pagsagot sa word problem gamit ang multiplication. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Ang mga hakbang sa pagsagot ng

_____ problem ay ang mga
(1)

sumusunod:

1. Pagsulat muli ng _____ gamit
(2)
ang iyong sariling pananalita.

2. Pagsulat sa _____ ng word
(3)
problem.

3. Pagpapakita ng _____ at
(4)

(5)



Isagawa

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong ayon sa word problem. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Si Kad ay nagbukas ng tatlong kahon na may lamang tig-limang holen bawat isa. Ilang holen lahat mayroon si Kad?

- _____ 1. Ilang kahon mayroon si Kad?
A. 3 B. 4 C. 5 D. 2
- _____ 2. Ilang holen mayroon ang bawat kahon ni Kad?
A. 3 B. 4 C. 5 D. 2
- _____ 3. Ano ang tinatanong sa word problem?
A. Ilang kahon lahat mayroon si Kad?
B. Ilang holen lahat mayroon si Kad?
C. Ilang taon na si Kad?
D. Ilang lahat ang kapatid ni Kad?
- _____ 4. Ano ang tamang solusyon sa word problem?
A. 3×4 C. 3×5
B. 3×2 D. 3×3
- _____ 5. Ano ang tamang sagot sa word problem?
A. 12 holen C. 15 holen
B. 12 kahon D. 15 kahon



Tayahin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na word problem gamit ang mga hakbang sa pagsagot nito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

Binigyan si Abby ng 10 na supot na may tig-apat na laruan ng kanyang tito. Ilang laruan lahat mayroon si Abby?

1. Isulat ang sitwasyon gamit ang iyong sariling pananalita.

2. Isulat ang tanong sa word problem.


3. Sagutin at ipakita ang iyong solusyon.



Karagdagang Gawain

Iguhit ang bawat sitwasyon. Guhitan ang tanong sa word problem. Isulat ang solusyon at sagot. Gawin ang mga ito sa iyong sagutang papel.

- a. Ang octopus ay may 8 galamay. Nakakita si Chay ng 5 octopus sa pampang ng dagat. Ilang galamay lahat mayroon ang mga nakitang octopus ni Chay?



Solusyon: _____

Sagot: _____

- b. Si Claire ay may sampung pares ng medyas. Ilang piraso ng medyas mayroon lahat si Claire?



Solusyon: _____

Sagot: _____



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>1. 5 biog na may 6 na butuin bawat isa.</p> <p>2. Ilang bituin lahat ang igituhit ni Raphael?</p> <p>3. $5 \times 6 = 30$</p> <p>Sagot: 30 bituin ang igituhit lahat ni Raphael.</p>	<p>Balikan</p> <p>a. </p> <p>b. </p> <p>c. </p> <p>d. </p> <p>e. </p>	<p>Suriin</p> <p>1-2. basahin intindihin</p> <p>3. salita</p> <p>4. tanong</p> <p>5. solusyon</p>	<p>Pagymanin</p> <p>1. May 4 na parisukat na may 6 na tatsulok ang guhit ni Mikay.</p> <p>2. Ilang tatsulok lahat ang igituhit ni Mikay?</p> <p>3. $4 \times 6 = 24$</p> <p>Mayroong 24 tatsulok ang igituhit ni Mikay.</p>
<p>B</p> <p>1. 8 itlog na tig Php 10</p> <p>2. Magkano ang kinita ni Soledad?</p> <p>3. $8 \times 10 = 80$</p> <p>Si Aling Soledad ay kumita ng Php 80.</p>	<p>C</p> <p>1. Mayroong 8 key chain ang 5 kahon ni Eunice.</p> <p>2. Ilang keychain ang ibinalot ni Eunice?</p> <p>3. $5 \times 8 = 40$</p> <p>May 40 key chain na ibinalot si Eunice.</p>	<p>D</p> <p>1. 7 bareta na Php5 bawat isa.</p> <p>2. Magkano lahat ang pinamili ni Claire? Pphp35.</p> <p>3. $7 \times 5 = 35$</p> <p>Ang pinamili ni Claire ay Pphp35.</p>	<p>E</p> <p>1. May Php 7 ang bawat isa sa 4 na pitaka ni Naomii.</p> <p>2. Magkano lahat ang pera ni Naomii?</p> <p>3. $4 \times 7 = 28$</p> <p>Ang pera ni Naomii ay Php 28.</p>
<p>F</p> <p>1. 8 kilo ng dyaryo na tig Pphp5</p> <p>2. Magkano ang kinita ni Marco?</p> <p>3. $8 \times 5 = 40$</p> <p>Si Tanten ay kumita ng Pphp 40.</p>	<p>G</p> <p>1. Si Mark ay may 9 na supot na may tig-dalawang candy bawat isa.</p> <p>2. Ilang candy lahat mayroon si Mark?</p> <p>3. $9 \times 2 = 18$</p> <p>Si Mark ay may 18 candy lahat.</p>	<p>H</p> <p>1. 3 panyo na tig Pphp10</p> <p>2. Magkano ang babayaran ni Maryx sa kahera?</p> <p>3. $3 \times 10 = 30$</p> <p>Php 30 ang babayaran ni Maryx sa kahera.</p>	<p>Iscisip</p> <p>1. word</p> <p>2. sitwasyon</p> <p>3. tanong</p> <p>4. solusyon</p> <p>5. sagot</p>
<p>Isagawa</p> <p>1. A</p> <p>2. C</p> <p>3. B</p> <p>4. C</p> <p>5. C</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. Si Abby ay may 10 na supot na may tig-apat na laruan</p> <p>2. Ilang laruan lahat bawat isa.</p> <p>3. $10 \times 4 = 40$</p> <p>Si Abby ay may 40 laruan lahat.</p>	<p>Karagdang Gawin</p> <p>a. Guhit ng 5 octopus na may 8 galamay bawat isa. Ilang galamay lahat mayroon ang mga nakitang octopus ni Chay?</p> <p>$5 \times 8 = 40$</p> <p>Mayroong 40 galamay lahat ang mga octopus ni Chay.</p> <p>b. Guhit ng sampung pares ng medyas</p> <p>Ilang piraso ng medyas mayroon lahat si Claire?</p> <p>$10 \times 2 = 20$</p> <p>Si Claire ay may 20 pirasong medyas lahat.</p>	

Sanggunian

- Candido, Rogelio. 2013. Mathematics 2 Kagamitan ng Mag-aaral Taglog. Pasig City: Vival Publishing House, Inc. pp. 120-121.
- Candido, Rogelio. 2013. Mathematics 2 Teacher's Guide. Pasig City: Vival Publishing House, Inc. pp. 178-180.
- Castro, Isabel. 1997. Mathematics for Everyday Use 2. Quezon City: Dane Publishing House, Inc. p. 95.
- "Multiplication Word Problems For Grade 2". 2Nd 2 Grade Multiplication Word Problem Worksheets, 2020.
<https://www.k5learning.com/free-math-worksheets/second-grade-2/wordproblems/multiplication>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph